タガログ語版

# ２０２５（令和(れいわ)７）年度(ねんど)

# 日本語(にほんご)コース入学(にゅうがく)ガイド

# GABAY SA PAGPASOK SA NIHONGO COURSE 2025


学校法人(がっこうほうじん)三重(みえ)徳風学園(とくふうがくえん)

徳風高等学校(とくふうこうとうがっこう)　徳風技能専門学校(とくふうぎのうせんもんがっこう)

Mie Tokufu Gakuen School Corporation

Tokufu Senior High School

Tokufu Technical Vocational School

Mie-ken Kameyama-shi Waga-cho 1789-4

TEL.0595 - 82 - 3561 FAX. 0595 - 82 - 3511

# PANIMULA

Nilalayon ng aming paaralan na magawa ang sumusunod na dalawang imahe.

○ “Paaralan na tumatanggap sa mag-aaral na nais magsikap sa kabila ng pakiramdam ng 「pagkabalisa」 at 「hindi komportable」. At ginagarantiyahan na magbibigay ng lugar para sa lahat kung saan maaaring mamuhay sa paaralan kasama ang mga kaibigan”

○ “Paaralang matitiyak na makukuha ng mga mag-aaral ang "pangunahing kasanayang pang-akademiko na kinakailangan para pagtatrabaho " at ang "kasanayan sa praktikal pang propesonal." Isang paaralan na magtatapos ang mga mag-aaral na may higit na pag-unlad higit sa inaasahan noong pumasok.

Dito sa Japan ay maraming mag-aaral na sinisikap mabuhay sa kabila ng 「hirap」 at 「problema」 dahil sa kakulangan sa kaalaman sa Nihongo at kawalan ng kakayahang gumamit nito. Dito sa Mie Prefecture ang may pinakamataas na bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng pagtuturo ng wikang hapon sa mga pampublikong elementarya at junior high school (mula noong 2019 hanggang sa kasalukuyan) Dahil dito, ang aming paaralan ay bumuo ng **「Japanese course」 noong taong 2021 para sa mga foreign students o may roots ng banyaga. Upang magkaroon sila ng kasanayan sa wikang hapon at makapag tapos ng high school.**

**Ang paaralan ay magpapatuloy sa pagpapabuti bilang nag-iisang paaralan sa Mie Prefecture na nagbibigay sa mga mag-aaral ng pagkakataong makapagtapos mula sa high school habang tumatanggap ng propesyonal at edukasyon sa wikang Hapon.**

Ngayon, halina`t gumawa tayo ng isang malaking hakbang patungo sa iyong mga pangarap at mithiin sa pamamagitan ng pag-master ng **"Japanese para sa pag-aaral"** na kinakailangan para sa pag-aaral sa high school at ang **"Japanese para sa pamumuhay"** na kinakailangan para sa kalayaan at pakikilahok sa lipunan pagkatapos na makapagtapos dito sa aming **"Japanese Course"!**

# Ⅰ　Anong klaseng paaralan ang Tokufu?

Dito sa paaralan ay marami kaming natatanging mga system at programa na bihirang makita sa ibang mga paaralan. Ito ay tinatawag na "Tokufu Style". Ang ilan sa mga ito ay ipinakilala sa ibaba.

### "Tokufu Style"

○　Homeroom

Ang isang klase basically ay binubuo ng 30 students, subalit sa Japanese course ay 20 students lamang.

○　Klase

Nagsisimula ng 9:30, basically may 45 minutes kada period.

○　Kombinasyon na pag-aaral

Ang mga mag-aaral ay mag-kaklase sa Tokufu Technical College (hal. Japanese course) at ang kanilang mga kredito ay makikilala bilang mga kredito sa Tokufu Senior High School. Ang sistemang dalawahan ng pagpapatala na ito ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na makapagtapos mula sa parehong paaralan.

○　Midterm at Final examinations

Ang araw ng exam ay isinasagawa ng 5 araw at mas pinakonti ang pagsusulit sa loob ng 1 araw.

○　Karagdagang klase

Para sa mga mag-aaral na lumiban dahil sa hindi maiiwasang mga kadahilanan, tulad ng pang-matagalang pag-papa-ospital o hindi pagpasok, may isang espesyal na timetable para dito sa pagtatapos ng taon. Para sa mga mag-aaral na nahihirapan sa pagkuha ng accreditation, isang espesyal na timetale din ang ginawa sa pagtatapos ng taon ng pag-aaral, bilang karagdagan sa regular na iskedyul, upang magbigay ng mga karagdagang klase para sa hindi nakumpletong oras.

○　School bus

May libreng school bus para sa mga mag-aaral　（Mula JR Kameyama station～ Paaralan.

○　Dormitoryo

Hindi lamang mga mag-aaral mula sa malayong lugar kundi maging para sa mga mag-aaral na may problema sa daily habits ang maaaring pumasok sa dormitoryo.

Ngayon, para sa mag-aaral ng Nihongo course, **maaaring pumasok ang mag-aaral sa dorm sa unang taon** kung hindi magiging mahirap sa pagsasa-alang alang ng kakayahan sa wikang hapon sa aspeto ng pakikisalamuha at gawain kasama ang ilang pangkat ng mag-aaral.

# Ⅱ　Anong klaseng kurso ang Nihongo Course?

**Q：Para kanino ang kursong ito?**

A : Ang kursong ito ay dinisenyo upang aktibong suportahan ang mga mag-aaral na nais mag-aral ng wikang hapon na nakakaramdam ng pagkabalisa dahil sa kakulangan ng mga kasanayan sa wikang Japanese. Ito ay kurso din upang suportahan ang mga nag-nanais na makagamit ng wikang hapon ng walang alinlangan at mga nais na makapagtapos mula sa mataas paaralan at manirahan sa Japan sa hinaharap, at lalo na sa mga foreign students, mga may lahing banyaga o mga nagbalik sa Japan mula sa ibang bansa.


**Q：Ano ang mga pag-aaralan at paano ang klase?**

A：Sa 「klase ng Nihongo」 ang mga mag-aaral ay mag-aaral ng wikang hapon mula sa beginner hanggang sa advanced level.　Lalo na sa unang taon, ang mga mag-aaral ay masinsinang mag-aaral ng Nihongo sa maraming mga klase.　Ang mga mag-aaral na nagnanais na magpatuloy sa mas mataas na edukasyon ay kinakailangang pumasa sa JLPT (Japanese Language Proficiency Test) N2 o mas mataas, at sa mga nagnanais na magtrabaho ay kinakailangang pumasa sa N3 o mas mataas.

Sa "Mga Klase para sa pag-aaral ng mga paksa maliban sa Japanese", higit sa lahat natututunan ng mga mag-aaral ang mga cumpolsary subjects na kinakailangan para sa pagtatapos ng high school, tulad ng Kougo, Geography, History, Mathematics, Science at English.

Habang tumatagal ang taon, ang bilang ng mga klase kung saan natututo ang mga mag-aaral ng Nihongo ay nababawasan habang ang bilang naman ng klase para sa ibang subjects ay madaragdagan

Diagram ng buong kurikulum




（Note） Ang 「Nihongo class」 at 「ibang subjects」 ay isasagawa sa wikang Japanese.

## Kurikulum para sa mga mag-aaral na pumapasok sa Nihongo course taong 2024

| Subjects | | Kurso (bilang ng credits) | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | 1st year | 2nd year | 3rd year | total |
| General Subject | Japanese Language | | Contemporary Japanese Language (2) | Language Culture (2) | 8 |
| | | | | Logical Japanese(4) | |
| | Geography and History | | Geography General (2) | General History(2) | 4 |
| | Civics | | Public (2) | Political economy (2) | 2 |
| | Mathematics | | Mathematics I (3) | Mathematics (2) | 5 |
| | Science | | Science and Human life (2) | Biology basics (2) | 4 |
| | Health and Physical Education | Physical Education (2) | Physical Education (2) | Physical Education (3) | 7 |
| | | | Health (1) | Health (1) | 2 |
| | Art | Music I (2) | Calligraphy 1 (4) | | 6 |
| | Foreign Languages | English Communication I (3) | Logic and Expression I (1) | Logic Expression I (1) | 5 |
| Special Subject | Home Economics | | Basic Home Economics (2) | | 2 |
| | Information | Information I (2) | | Information II (2) | 4 |
| | General ( Studies) | General Studies I (2) | Integrated Studies II (2) | Integrated Studies III (2) | 9 |
| | | General basics (studies) (1) | Internship (2) | | |
| | Culture and Education (study) | | | Life Skill (Studies) (2) | 2 |
| | | Japanese I (Studies) (15) | Japanese II (Studies) (8) | Japanese III (Studies) (7) | 30 |
| | | Japanese Activities (Studies) (1) | Japanese Activities (Studies) (1) | Japanese Activities (Studies) (1) | 3 |
| Oras comprehensive inquiry | | 2 | 1 | 1 | 4 |
| Total numbers ng credit | | 30 | 35 | 34 | 99 |

（Note）Ang specialized subject tulad ng「Information Processing」,「life skill（studies）」,「Japanese Ⅰ（studies）」etc. ay kasama sa mga specialzed subject na pinag-aaralan sa mga vocational, Technical schools.　Ang credits na makukuha sa pag-aaral nito ay kabilang bilang credits sa Tokufu Senior High School.

# Ⅲ　Gabay para sa aplikasyon sa Nihongo course

## １． KAPASIDAD AT QUALIFICATION

| Kapasidad sa enrollment | Qualification |
|---|---|
| 20 mag-aaral | Mga graduated na at magsisipagtapos sa Junior High School |

## ２． Admission Categories・ quota

| Kategorya sa pagpasok | Recruitment quota |
|---|---|
| Pagsusulit na may rekomendasyon (sengan) | 80% capacity na makakapasok |
| Pangkalahatang pagsusulit （heigan） | Depende sa bilang ng mga mag-aaral na nakapasa sa entrance exam na may mga rekomendasyon |
| Ikalawang pag-susulit （sengan） | Ipatutupad kapag hindi napuno ang kapasidad (bilang) ng mag-aaral na may rekomendasyon at general entrance examination |

## ３． Mga kinakailangan sa aplikasyon at paraan ng entrance examination

| Kategorya sa pagpasok | Mga requirements | Paraan ng entance examination |
|---|---|---|
| Recommendation entrance exam A （sengan） | Mag-aaral na may rating average na 3.0 pataas sa 3rd term, may magandang character at may rekomendasyon mula sa principal ng paaralan. | ○Personal interview |
| Recommendation entrance exam B （sengan） | Mag-aaral na may average na 2.5 pataas pero mababa sa 3.0, may magandang character at may rekomendasyon mula sa principal ng paaralan.※*Ang isang "Statement of Reason for Application" ay dapat isumite sa oras ng aplikasyon. | ○Personal interview |
| Recommendation entrance exam C （sengan） | Ang mga aplikante ay dapat magkaroon ng isang malakas na pagnanais na magpatala at maging mataas ang motibasyon sa pag-aaral (self-recommendation) ※Dapat isumite ang form ng self-recommendation sa oras ng aplikasyon.. | ○Written examination (2 subjects)<br>Japanese 40 min. 100 points<br>Math 20 min. 50 points (Mga basic fundamental question)<br>○Personal interview |
| General entrance exam (joint application | Mga nais mag-aral | ○Written examination (3 subjects)<br>Japanese 40 min. 100 points<br>Math and English 20 min. 50 points (Japanese, Math o English<br>※ Mark sheet method |
| Ikalawang pagsusulit (sengan) | Ang aplikante ay dapat magkaroon ng matinding pagnanais na magpatala at maging mataas ang motibasyon na mag-aral sa kursong kanyang inaaplay. | ○Written examination (2 subjects)<br>Japanese 40 min. 100 points<br>Math 20 min. 50 points (Mga basic fundamental question)<br>○Personal interview |

〇Kung may mga subject na walang grade sa ikatlong baitang, ang kategorya ng entrance exam ay magiging "Entrance Examination for Recommendation C." Mangyaring maghanda at magsumite ng isang dokumento (libreng format) sa pangalan ng punong-guro na nagpapahiwatig ng tiyak na dahilan.

〇Bigyang atensyon ang mga sumusunod (1)～(4)

(1) Para sa Nihongo course bilang karagdagan sa application requirement na nabanggit sa itaas ay kinakailangan din ang nakasaad sa A at B . Para sa mga foreign nationality at mga bumalik ng Japan mula abroad ay hindi na kailangan ang tagal ng panahon na pumasok o bumalik ng Japan.

A. 「Mga nangangailangan na mag aral ng wikang Hapon sistematiko at komprehensibo, at may masidhing kagustuhan na ma-improve ang kasanayan sa Nihongo.」

B. Ang mga aplikante ay dapat na nakapasa sa N5 o N4 ng Japanese Language Proficiency Test (JLPT) na pinangangasiwaan ng Japan Educational Exchanges and Services at ng Japan Foundation, o may parehong antas ng Japanese language proficiency (Mga aplikanteng nakapasa sa N3 o mas mataas o may parehong antas ng kasanayan sa wikang Hapon ay hindi maaaring mag-aplay)..

(2) Ang written exam ng Nihongo course sa bawat subject ay may (rubi) sa itaas ng bawat kanji characters

(3) Ang nakasulat na Japanese course exam ay idinisenyo upang matukoy kung ang mag-aaral ay umabot sa antas na makakapasa
sa N5 o N4 ng Japanese Language Proficiency Test (JLPT).

(4) Isasagawa din sa wikang Japanese ang personal interview.

## 4. PANAHON NG APLIKASYON ・ PAGSUSULIT ・ RESULTA

| Kategorya ng pagpasok | Panahon ng aplikasyon ・oras ng pagtanggap | Araw ng pagsusulit | Araw ng resulta |
|---|---|---|---|
| Application at oras ng reception | January 7, (Tue)～ January 10 (Fri) 9:00～16:00 | January 18, (Sat) | January 23, (Thui) |
| Genaral entrance exam | January 14 (Tue)～ January 17 (Fri) 9:00～16:00 | January 24 (Fri) | January 31 (Fri) |
| Ikalawang pagsusulit | Kung gaganapin ang pagsusulit, gaganapin ito sa Marrch. (Ang mga detalye ay iaanunsyo sa "Mga Alituntunin sa Application para sa 2024 (Secondary Entrance Examination)" na ilalabas sa kalagitnaan ng February. | | |

○ Ang taong namamahala sa junior high school ay dapat magbigay ng "Admission Consultation" nang personal o sa pamamagitan ng telepono sa pinakamaagang posibleng petsa bago ang panahon ng aplikasyon.

○ Kung kailangan ng special consideration para sa entrance exam, mangyaring makipag-ugnayan sa paaralan nang maaga at magpasa ng isang dokumento (anumang form) na nagsasaad ng mga partikular na detalye ng kinakailangang konsiderasyon sa punong-guro ng paaralan sa lalong madaling panahon bago ang araw ng aplikasyon.

○ Ang mga resulta ay iaanunsyo sa website ng paaralan sa 10:00 a.m. sa araw ng anunsyo. Magpapadala rin kami ng notice aplikante at sa punong-guro ng junior high school at by mail.

## 5. Paraan ng aplikasyon

(1) Ipasa ang mga sumusunod na documents.

| Admission | Application documents | Payment |
|---|---|---|
| Recommendation Entrance exam | ①「Application for admission」<br>②「Certificate of Graduation" at "Transcript of Academic Record" para sa mga nagtapos sa junior high school sa ibang bansa. Dapat ding kalakip ang Japanese translation.<br>③「Letter of Recommendation" (para sa mga aplikanteng kumukuha ng Entrance Examination for Admission with Recommendation A o Entrance Examination for Admission with Recommendation B)<br>④ Pahayag ng mga dahilan para sa iyong aplikasyon (para sa mga aplikanteng kumukuha ng entrance exam na may rekomendasyon B)<br>⑤ Letter of Self-Recommendation" (para sa mga aplikanteng kumukuha ng Entrance Examination C)<br>⑥ Sobre para sa abiso ng resulta (may stamp na 500 yen na sobre na may address at malinaw na nakasulat ang pangalan ng examinee)<br>⑦Kopya ng "Residence Card" (para lamang sa mga aplikante ng kursong Japanese na nagtapos sa junior high school sa mga nakaraang taon) | 15,000 円 (bayad sa entrance exam) |
| General entrance exam | ① 「Application para sa admission」 ② 「research report」, ③ Envelope para sa pass / fail notification (kapareho ng ⑥ sa itaas)<br>④Kopya ng「Residence card」(Katulad ng ⑦sa itaas) | |

(2) Entrance exam fee 15,000 yen na dapat I transfer sa bank account na nakasaad sa ibaba. Gayundin, ang mga nag-a-apply lamang para sa pagsusulit sa entrance recommendation exam ang dapat maglagay ng letrang "S" sa simula ng pangalan ng applicant sa bank transfer))

| (Transfer to)： | 三十三銀行　亀山中央支店　（普通）７４４２４５　ガク）ミエトクフウガクエン |
|---|---|

(3) Iba pa

A. Mangyaring magpasa ng isang kopya ng resibo ng bank transfer o patunay ng bank transfer kasama ang iyong mga dokumento sa aplikasyon.

B. Ang panahon para sa pagbabayad ng mga entrance exam fee ay nagsisimula isang buwan bago ang unang araw ng aplikasyon at magtatapos sa huling araw ng aplikasyon.

C. Kung ipapdala ito by mail, ilagay ito sa envelope at sulatan ng 「入学願書在中」sa pulang pen. At magsama ng isang envelope na may ( pangalan at address ng pinapasukang junior high school etc., at lagyan ito ng 470 stamp) para sa examination voucher (受験票) at ipadala ito bilang registered mail. (簡易書留)

D. Tandaan lamang na ang mga dokumento at bayad para sa entrance exam ay hindi refundable ano mang dahilan.

## 6. Proseso sa pagpasa （admission fee）

(1) Bilang proseso kapag nakapasa, kinakailangang mag-bayad ng admission fee na 45,000 yen hanggang sa petsang nakasaad sa ibaba.

| Kategorya ng pagpasok | Panahon ng admission | Dapat bayaran |
|---|---|---|
| Mga nakapasa sa pagsusulit ng may rekomendasyon | January 23 (Thu)～January 31 (Fri) | 45,000 yen （admission fee） |
| Mga nakapasa sa General entrance exam | January 31 (Fri)~February 7 (Fri) | 45,000 yen （admission fee） |

(2) Iba pa

A. Ang buong detalye ng procedure ay ibibigay sa oras ng anunsyo ng iyong aplikasyon.

B. Kung hindi mababayaran ang nasabing admission fee, ibig sabihin nito ay hindi na papasok ang mag-aaral sa paaralan.

C. Tandaan lamang na ang admission fee ay hindi refundable kahit na ano pang dahilan.

## 7. Paraan ng pagpasok ( gastos sa mga pasilidad at kagamitan)

(1) Bilang bahagi ng proseso ng enrollment, kinakailangang bayaran ang gastusin sa mga pasilidad at kagamitan sa unang taon na 200,000 yen (taunang bayad) sa sumusunod na petsa.

| Kategorya ng pagpasok | Petsa ng pagbabayad | Halaga ng babayaran |
|---|---|---|
| Mga napasa sa entrance exam （suisen） | Feb 7 (Fri) | 200,000 yen<br>(Facilities and equipment expenses) |
| Mga nakapasa sa general entrance exam | March 17 (Mon) | |

(2) Ang mga mag-aaral na nakapasa sa entrance exam para sa pangkalahatang admission (kasabay na aplikasyon) ay isasaalang-alang din na matanggap sa paaralan kung ang pagbabayad ay nakumpirma sa takdang petsa..

(3) （Ang taunang gastos para s pasilidad ng 2nd at 3rd year ay 104,000 yen na dapat bayara sa 3 installment( April,August at December)

## 8. Matrikula at iba pa

| Uri | Buwang bayad | Remark |
|---|---|---|
| Matrikula | 32,500 yen<br>（buong taon 390,000 yen） | Sa pamamagitan ng suporta sa pag-aaral ng gobyerno ay maaaring malibre o mabawasan ang bayarin para sa matrikula. (Note) |

○ Bilang karagdagan sa matrikula buwan buwan ay mayroon din buwanang koleksyon para sa educational fund 13,500 yen （14,500 sa 2nd at 3rd year） taunang gastusin na 4,000 ~4,800 yen at ipon para sa school trip na 7,000 ( mula May ng 1st year

hanggang November ng 2nd year).

○ Sa enrollment, kinakailangan ding bumili ng uniform, PE uniform, indoor shoes, gym shoes, personal locker ,uniporme sa judo (para sa lalaki lamang) at mga textbooks at materyales na gagamitin sa pag-aaral. Ang total na babayaran ay nasa 120,000.

○ Ang mga regulasyon ng paaralan ng Tokufu Technical College School ay nagsasaad na "ang bayad sa education enrichment para sa mataas na secondary course ay kasama ang matrikula para sa full-time na kurso sa Tokufu Senior High School." at ang pagbabayad ng tuition at iba pang bayarin sa paaralan para sa mataas na secondary course sa Tokufu Technical Vocational School, gaya ng nakasaad sa student application guideline na ito, ay ganap na magbabayad ng mga bayarin sa paaralan para sa buong araw na kurso sa Tokufu Senior High School.

【Note】Ang matrikula ay maaaring mabawasan ayon sa sumusunod, depende sa income ng magulang o tagapag-alaga.

＜ Formula ng pagkalkula ＞: (base municipal residence tax x 6%) - (halaga ng adjustment deduction sa residence tax)

154,500 yen> calculated halaga・・・・・・Nabawasan ang kabuuang halaga ng matrikula（taunang bayarin 390,000 yen）

1154,500yen ≦ calculated na halaga ＜ 304,200yen ・・・ Ang isang bahagi ng matrikula ay nabawasan (118,800yen bawat taon ay binabayaran)

304,200 yen≦calculated na halaga・・・・・・・・・・walang babawasin sa matrikula.

## 9. Bayad sa dormitoryo

| Uri | Buwanang bayad | Remark |
|---|---|---|
| Dormitoryo | 30,000 yen<br>（annual 360,000 yen） | Kasama ang mga utility. Ang taunang bayad na 360,000 yen ay binabayaran sa tatlong installment na 120,000 yen bawat isa (April, August, at December). |
| Pagkain | Humigit kumulang 28,000 yen | May mga pagbabago depende sa pagtaas ng mga sangkap, Hindi na kailangang magbayad para sa August dahil sarado ang dormitoryo sa panahon na ito. |

○ Ang kabuuang halagang babayaran sa oras ng pagpasok sa dormitoryo ay 280,000 yen (160,000 para sa pagpasok sa dormitoryo at 120,000 yen para sa unang termino ng dormitoryo). Dapat itong bayaran sa parehong petsa bilang pamamaraan ng enrolment (bayarin sa pasilidad at maintenance)

| Kategorya ng pagpasok | Petsa ng pagbabayad | Halaga ng babayaran |
|---|---|---|
| Mga napasa sa entrance exam（suisen） | Feb. 7 (Fri) | 280,000 円 |
| Mga nakapasa sa general entrance exam | Mar. 17 (Mon) | |

## 10. Scholarships at financial incentives

Available ang mga scholarship sa pamamagitan ng Prefectural High School Scholarship, Abe Scholarship Fund, at Mie Tokufu Gakuen Scholarship. Ang mga mag-aaral na nakakatugon sa mga kinakailangang kundisyon, tulad ng academic performance, ay maaaring mag-apply para sa alinman sa mga scholarship na ito. Ang Mie Tokufu Gakuen Scholarship ay nilayon upang madagdagan ang iba mga scholarship at maaaring aplayan ng mga mag-aaral na mahigpit parin sa financial status kahit na nakatanggap na ng iba pang mga scholarship.

Bilang karagdagan sa sistema ng scholarship, itinatag ni Mie Tokufu Gakuen ang "Mie Tokufu Gakuen Encouragement Fund System (Encouragement System)" noong 2023, na nagbibigay ng 100,000 yen bawat taon (non-repayable) sa mga mag-aaral na nakakatugon sa ilang mga kundisyon. (Ang mga pamamaraan ng aplikasyon, atbp, ay dapat kumpletuhin pagkatapos ng pagpapatala.

## 11. Kombinasyon ng High school at technical college

| Tokufu High School | Tokufu Technical Vocational School High School Course | | Remarks |
|---|---|---|---|
| Nihongo course (Japanese Languange)（Itinatag noong 2021） | Culture and Liberal Arts | General course（Itinatag noong 2020） | Combined high school and technical college |

Ipinakilala ng Tokufu Senior High School ang "Combined Course System" (isang sistema ng credit accreditation para sa mga pag-aaral sa mga unibersidad, kolehiyo ng teknolohiya, o espesyal na mga kolehiyo sa pagsasanay batay sa Artikulo 98, Aytem 1 ng Enforcement Regulations of the

School Education Law.) Sa ilalim ng sa sistemang ito, ang mga mag-aaral na nakatapos ng kanilang pag-aaral sa Tokufu Technical Vocational College ay itinuturing na nakatapos ng mga kurso sa Tokufu Senior High School, at ang mga kursong ito ay naaprubahan bilang mga kredito sa Tokufu Senior High School. ay nauugnay sa Comprehensive Course sa Tokufu Technical College, na nagpapahintulot mag-aaral na mag-enroll at magtapos sa parehong mga paaralan nang sabay.